IslamHouse.com

Osoul Center
www.osoulcenter.com



PHILIPPINE
PILIPINO
فلبيني

# HESUS, ANAK NI MARIA PROPETA HINDI DIYOS

Sinulat ni
**Ahmad Jibreel Salas**

Sinuri ni
**Mohammad Taha Ali**

# عيسى بن مريم
# نبـي وليـس إله

المؤلف
أحمد جبريل سالاس
مراجعة
محمد طه علي

PHILIPPINE
PILIPINO
فلبينـــــي

ⓒ المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد و توعية الجاليات بالربوة، ١٤٤١هـ

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية أثناء النشر

سالاس، أحمد جبريل

عيسى بن مريم نبي وليس إله. اللغة الفلبينية . / أحمد جبريل سالاس. - الرياض، ١٤٤١هـ

٥٢ ص، ١٢ سم x ١٦,٥ سم

ردمك : ٤-٦٧-٨٢٩٧-٦٠٣-٩٧٨

١- عيسى (عليه الصلاة والسلام) ٢- قصص الأنبياء أ. العنوان

**ديوي ٢٢٩,٥ ١٤٤١/١٢٨٢١**

**رقم الايداع: ١٤٤٠/١٢٨٢١**

**ردمك : ٤-٦٧-٨٢٩٧-٦٠٣-٩٧٨**

مركز أصول
Osoul Center
www.osoulcenter.com

This book has been conceived, prepared and designed by the Osool International Centre. All photos used in the book belong to the Osool Centre. The Centre hereby permits all Sunni Muslims to reprint and publish the book in any method and format on condition that 1) acknowledgement of the Osool Centre is clearly stated on all editions; and 2) no alteration or amendment of the text is introduced without reference to the Osool Centre. In the case of reprinting this book, the Centre strongly recommends maintaining high quality.

+966 11 445 4900

+966 11 497 0126

P.O.BOX 29465 Riyadh 11457

osoul@rabwah.sa

www.osoulcenter.com

بسم الله الرحمن الرحيم

Sa Ngalan ng Allah
Ang Mahabagin,
Ang Maawain

# ANG MGA NILALAMAN


| | |
|---|---|
| ANG PANIMULA | 9 |
| I. HESUS, BILANG PROPETA NG DIYOS | 13 |
| II. HESUS, BILANG SUGO AT LINGKOD NG DIYOS | 15 |
| III. HESUS, HINDI DIYOS NA NAGKATAWANG TAO | 17 |
| IV. HESUS: HINDI BUGTONG NA ANAK NG DIYOS | 29 |
| V. HESUS BILANG DAKILANG PROPETA NG ISLAM | 31 |
| VI. HESUS, SAKSI SA ARAW NG PAGHUHUKOM | 39 |
| VII. ANG EBANGHELYO NI HESUS | 41 |
| ANG HULING PANANALITA | 47 |

Si Hesus sa Bibliya: Lucas 24:19 **“Ang mga bagay tungkol kay Hesus na Nasareno, na isang Propeta, makapangyarihan sa gawa at salita sa harap ng Diyos at ng buong bayan.”**

Si Hesus sa Qur’an 5:75 **{Ang Mesiyas [Isa (Hesus)], anak ni Maryam (Maria) ay walang iba kundi isang Sugo (Propeta) lamang. Sa katotohanan, maraming Sugo ang dumating nang una sa kanya…}**.

# ANG PANIMULA

Ang lahat ng papuri at pasasalamat ay para sa Dakilang Diyos, ang Panginoon ng lahat ng mga nilikha. Sinuman ang Kanyang patnubayan, walang sinuman ang makapagpapaligaw sa kanya. Tayo ay magsumamo sa Dakilang Diyos nang may kaakibat na pagpapakumbaba na nawa'y bigyan tayo ng pangangalaga laban sa lahat ng uri ng kasamaang laganap sa buong mundo. Tayo ay humingi ng awa at pagpapala sa Kanya at nawa'y ipagkaloob sa atin ang landas ng kabutihan at lumisan tayo sa mundong ito na malinis at wagas na puso at kaluluwa.

Ang maikling paglalahad na ito ay tinangka upang bigyang daan ang magandang ugnayan ng Muslim at Kristiyano sa larangan ng relihiyon. Ang Islam at ang Kristiyanismo ay kapwa naniniwala sa nag-iisang Diyos at mga Propeta. Ang isa sa mga pagkakaiba ay nakasalig sa katauhan ni Hesus. Ang Kristiyanismo ay naniniwala na si Hesus ay diyos na nagkatawang tao at siya ay anak ng diyos. Nguni't ang Islam ay naniniwala kay Hesus bilang isang dakilang Propeta ng Diyos. Isang haligi ng pananampalataya ng Muslim ang maniwala at mahalin si Hesus bilang Propeta

at Sugo ng Diyos. Naniniwala ang Muslim na si Hesus ay Mesiyas ng Diyos. Na si Hesus ay ipinanganak ni Maria na walang kinasasangkutang lalaki. Naniniwala ang Muslim na si Hesus ay nakapagpagaling ng mga maysakit, bulag at ketongin sa kapangyarihan at kapahintulutan ng Makapangyarihang Diyos.

Sa huling Kapahayagan ng Dakilang Diyos [ang Qur'an] si Hesus ay isa sa limang pinakadakilang Sugo at Propeta na tinaguriang Ulil Azm [mga propetang nagtataglay ng matibay na kalooban, at matatag na paninindigan].

Ang Banal na Qur'an ay nagpahayag:

**Qur'an 46:35 {Kaya, ikaw ay maging matiisin [O Muhammad (ﷺ)] tulad ng pagtitiis ng mga matibay at matatag ang paninindigan mula sa lipon ng mga sugong[1] [nauna sa iyo]…}**

Ang Marangal na Qur'an at maging ang kasalukuyang Bibliya ay saksi sa katotohanan na si Hesus ay hindi nagsabi o nagturo na siya ay Diyos na dapat sambahin. Katotohanan, ang aral ni Hesus ay walang pagkakaiba sa lahat ng mga Propetang dumating dito sa mundo. Lahat ng Propeta ng Diyos ay nagkakaisa sa pagtuturo na sumamba lamang sa Tanging Nag-iisang Diyos na Tagapaglikha. At

1 Maraming propeta at sugo ng Diyos, 25 ang binanggit sa Qur'an; lamang ang mayroong matibay na kalooban: ito ay sina Muhammad (ﷺ), Noah, Abraham, Moises at Hesus.

ito ang Pangunahing Kautusan (First Commandment) na nakasulat sa lahat ng Banal na Kapahayagan at Kasulatan na ipinagkaloob ng Diyos sa Kanyang mga Propeta.

Sa ganitong kaayusan, minabuti naming ilahad ang katotohanang napapaloob sa Marangal na Qur'an at Bibliya, si Hesus bilang anak ni Maria na itinakda ng Diyos bilang Kanyang PROPETA, SUGO at LINGKOD. Sa aklat na ito, ating gagamitin ang pangalang Isa, bilang pangalan ni Hesus sa Banal na Qur'an at Hesus bilang pangalang itinawag sa kanya sa Bibliya at sa buong kalakhang Kristiyanismo.

# I. HESUS, BILANG PROPETA NG DIYOS

Maraming bersikulo sa Bibliya (Bagong Tipan) ang nagpapatotoo at nagpapatunay na si Hesus ay hindi humigit sa isang PROPETA lamang:

**Juan 7:40 “Ang ilan nga sa karamihan, nang marinig ang kanyang salitang ito, ay nangagsabi, tunay na ito ang <u>Propeta</u>.”**

**Lucas 24:19 “Ang mga bagay tungkol kay Hesus na Nasareno, na isang <u>Propeta</u> makapangyarihan sa gawa at salita sa harap ng Diyos at ng buong bayan.”**

**Lucas 7:16 “Lumitaw sa gitna natin ang isang dakilang <u>Propeta</u> at dinalaw ng Diyos ang kanyang bayan.”**

**Lucas 13:33 “Ako’y yumaon sa aking lakad ngayon at bukas at sa makalawa: sapagka’t hindi mangyayari na ang isang <u>Propeta</u> ay mamatay sa labas ng Jerusalem.”**

**Juan 6:14 “Totoong ito nga ang <u>Propeta</u> na paparito sa sanlibutan.”**

**Hebreo 3:1 "Inyong isipin ang Apostol (Propeta) at dakilang saserdote na ating kinikilala, si Hesus."**

**Juan 9:17 "Muling sinabi nga nila sa bulag, ano ang sabi mo tungkol sa kanya (Hesus), na siyang nagpadilat sa iyong mga mata? At sinabi niya, Siya ay isang Propeta."**

# II. HESUS, BILANG SUGO AT LINGKOD NG DIYOS

Matutunghayan sa Bibliya na si Hesus ay Sugo at Lingkod ng Diyos katulad ng katawagang inilarawan ng Qur'an tungkol sa kanya. Ang Bibliya ay nagsabi tungkol kay Hesus.

**Mateo 15:24 "Hindi ako isinugo kundi sa mga tupang nangaligaw sa bahay ni Israel."**

**Juan 17:3 "At ito ang buhay na walang hanggan, na ikaw ay makilala nila na iisang Diyos na tunay at si Hesus bilang iyong Sugo."**

**Juan 8:42 "Sinabi sa kanila ni Hesus, kung ang Diyos ang inyong Ama, ay inyo akong ibigin sapagka't ako ay nagmula at nanggaling sa Diyos, sapagka't hindi ako naparito sa aking sarili kundi sinugo Niya ako."**

**Mga Gawa 3:13 "Ang Diyos ni Abraham at ni Isaak at Jacob at ang Diyos ng ating mga magulang ay niluwalhati ang Kanyang lingkod na si Hesus."**

**Mga Gawa 4:27 "Sapagka't sa katotohanan sa bayan**

**itong laban sa inyong banal na lingkod na si Hesus, na siya mong pinahiran."**

**Mateo 12:18 "Narito ang lingkod ko na aking hinirang."**

At sapagka't si Hesus ay kinilala bilang lingkod ng Diyos, nangangahulugan na siya ay isang alipin ng Nag-iisang Diyos katulad din ng mga propetang bumaba rito sa lupa.

# III. HESUS, HINDI DIYOS NA NAGKATAWANG TAO

Sa iba't ibang relihiyon ang pinakadiwa at kaisipan ng kanilang tagasunod tungkol sa Diyos ay yaong ang Diyos na TAGAPAGLIKHA ay naging isang NILIKHA. At dahil sa paniniwalang ito sila ay sumasamba sa inaakala nilang Diyos. Halimbawa, sa relihiyong Buddhismo, pinaniniwalaan nila na si Buddha ay diyos na nagkatawang tao. Maging sa Hinduismo, itinuturing nila ang baka bilang diyos na nagkatawang baka. Wala ring kaibahan ito sa relihiyong Kristiyanismo, na si Hesus ay taong naging Diyos. Ang mga ganitong paniniwala ay tunay na nagbibigay daan upang ang tao ay malihis mula sa malinis na pagsamba at pagkilala sa Nag-iisang Diyos na Tagapaglikha at mahulog sa pinakamalaking kasalanan, ang IDOLATRIYA. Ang pagsamba ng tao sa kapwa nilikha maging ito ay isang propeta, santo, baka o anupaman ay isang malaking kasalanan na dapat iwasan ng tao. Ito ay ganap na pagtalikod sa Unang Kautusan ng Diyos (First Commandment). At katiyakang hindi ito aral ng mga Propeta. Maging si Hesus ay hindi nagsabi na

siya ay Diyos na nagkatawang tao. At kailanman, si Hesus ay hindi nagsabi na siya ay taong naging diyos na dapat sambahin. Ang pagsamba ng tao sa kaninumang nilikha ay binigyang babala ng Diyos batay sa Bibliya:

**Exodus 20:3-4 "Huwag kang magkakaroon ng ibang diyos sa harap Ko. Huwag kang gagawa para sa iyo ng larawang inanyuhan o ng kawangis man ng anumang anyong nasa itaas sa langit o ng nasa ibaba ng lupa, o ng nasa tubig sa ilalim ng lupa."**

**Exodus 20:23 "Huwag kayong gagawa ng ibang mga diyos na iaagapay sa Akin."**

**Isaias 44:9 "Silang nangagbigay anyo sa larawang inanyuhan ay walang kabuluhan silang lahat at ang kanilang mga bagay na kinalulugdan ay hindi napapakinabangan."**

Katotohanan, walang kabuluhan ang pagsamba ng tao sa kapwa nilikha, sapagka't ang Tunay na Diyos ay hindi tao. Sa Bibliya, ang Diyos na Tagapaglikha ay tuwirang nagsabi na Siya ay hindi nagkatawang tao:

**Oseas 11:9 "Sapagka't ako ay Diyos, hindi tao."**

**Mga Bilang 23:19 "Ang Diyos ay hindi tao na magsisinungaling o ni anak ng tao na nagsisisi."**

Kung ang Diyos ay nagsabi na siya ay hindi tao, si Hesus sa kanyang sarili ay nagsabi na siya ay tao lamang. Ito ay

tanda ng pagpapahayag ng ganap na katotohanan at wagas na patunay mula sa Nag-iisang Diyos na Tagapaglikha. Ang Bibliya ay nagsabi rin:

**I Timoteo 2:5 "Sapagka't may isang Diyos at may isang tagapamagitan sa Diyos at sa mga tao. Ang taong si Kristo Hesus."**

**Juan 8:40 "Datapuwa't ngayo'y pinagsusumikapan ninyo akong patayin na taong sa inyo'y nagsaysay ng katotohanan, na narinig sa Diyos, ito'y hindi ginawa ni Abraham."**

Kung si Hesus nga ay diyos na nagkatawang tao, mayroon bang mga tao sa kanyang kapanahunan ang sumamba sa kanya? WALA! Ang mga disipulo ni Hesus, sila ba ay sumasamba sa kanya? Ang ina ni Hesus, tinawag ba niyang diyos ang kanyang anak? Kinilala ba at sinamba ni Birhen Maria ang kanyang anak bilang Diyos ng Sanlibutan? Sa buong Palestine o Jerusalem, walang sinumang kababayan o kamag-anak ni Hesus ang nagkaroon ng kaisipan na si Hesus ay Diyos na dapat sambahin sapagka't ang karaniwang ginagawa ng isang tao sa araw araw na pamumuhay ay karaniwan ding ginagawa ni Hesus, siya ay umiinom, kumakain, natutulog, nagtutungo sa palikuran [toilet] sa likas na tawag ng pangangailangan [pagdumi, pag-ihi, pagligo o paghugas]. Kailanman, hindi kayang tanggapin ng makatuwiran at malayang kaisipan na ang

Diyos na Tagapaglikha ay isang tao, o isang mamamayang Hudyo sa katauhan ni Hesus.

Higit pa rito, hindi Banal na Katangian ng Tunay na Diyos na Siya ay magsatao, makihalubilo sa Kanyang mga nilikha, kumilos at gumalaw na parang tao, magkaroon ng pangangailangan na parang tao - kumain, matulog, umiyak, uminom, mauhaw. Ang tao, hayop at iba pang nilikha lamang na may buhay ang mayroong ganitong pamamaraan ng buhay, sapagka't ang lahat ng nilikha ay nakapailalim sa kapangyarihan at batas ng Nag-iisang Tagapaglikha.

## Ang Pagdarasal ni Hesus

**Mateo 26:39 "… At siya'y nagpatirapa at nanalangin."**

Kung si Hesus ay Diyos na nagkatawang tao, kanino siya nagdarasal? Ang pagdarasal ay tanda ng pagkilala at pagsamba sa Iisang Diyos, kaya pinatutunayan lamang ni Hesus sa kanyang mga gawa na siya ay may sinasamba at kinikilalang Makapangyarihang Diyos na kanyang dinadalanginan at hinihingan ng tulong.

## Ang Pagtuli Kay Hesus

**Lucas 2:21 "… makaraan ang walong araw upang siya ay tuliin, tinawag siyang Hesus. "**

Ang pagtuli ay isang gawain upang manatiling malinis ang katawan ng tao. Ang gawang pagtuli ba ay dapat iugnay sa Diyos na makapangyarihan? Hindi angkop sa Kadakilaan at taglay na karangalan ng Diyos na ang gawaing ito ay iugnay sa Kanya, sapagka't Siya ay nanatiling ganap na dalisay at walang pangangailangan. [Nawa'y ilayo tayo ng Dakilang Diyos sa mga lihis na pagbibigay o pag-iisip sa Kanya ng mga gawaing malayo sa Kanyang mga Banal na Katangian].

## Ang Pag-Aayuno ni Hesus

**Mateo 4:2 "… at nang siya'y nakapag-ayuno ng apatnapung araw at gabi, siya ay nagutom."**

Kung si Hesus ay Diyos, hindi siya dapat pumailalim sa batas ng pag-aayuno. Hindi katangian ng isang Tunay na Diyos ang mag-ayuno at magutom, sapagka't ang Tunay na Diyos ay Ganap at walang pangangailangan.

## Ang Mga Kapatid ni Hesus

Ayon sa Bibliya, si Hesus ay mayroong mga kapatid.

**Mateo 13:55 "Hindi baga ito ang anak ng anluwagi? Hindi baga tinatawag na Maria ang kanyang ina? at Santiago (James), Jose (Joses) at Simon at Judas ang kanyang mga kapatid? "**

Kung si Hesus ay Diyos, maaari ding ituring ang kanyang mga kapatid sa ina bilang mga Diyos, sapagka't iisa ang kanilang lahi at dugo. (may dugong Diyos at may lahing Diyos?) Ano ang maaaring itawag ng mga kapatid ni Hesus sa kanya? DIYOS KO o KUYA KO? Kaya nga ba ang pagturing kay Hesus bilang diyos ay hindi lamang paglapastangan sa Kabanalan at Kadakilaan ng Diyos kundi ito ay isang insulto sa talino at karunungan ng tao.

## Ang Panunukso ng Diyablo Kay Hesus

**Mateo 4:1 "Inihatid ng espiritu santo si Hesus sa ilang upang siya ay tuksuhin ng Diyablo."**

Paano naging diyos si Hesus kung siya ay tinutukso ng diyablo? Ang diyablo ay isa lamang nilikha na nakapailalim sa Kapangyarihan ng Tagapaglikha. Ang Diyos ay Ganap at walang pangangailangan, kaya't hindi ito natutukso sa anupamang bagay. Sa Bibliya matutunghayan at mapatutunayan na:

**Santiago 1:13 "Sapagka't ang Diyos ay hindi matutukso at hindi rin siya nanunukso sa kaninuman."**

## Ang Pagpako Kay Hesus

Mateo 27:35 "At nang siya ay kanila ng maipako si Hesus."

Kung si Hesus nga ay tunay na diyos, maaari bang ang TAGAPAGLIKHA ay ipako ng Kanyang mga NILIKHA?

Sa ganitong kalagayan ni Hesus na nakapako sa krus, maaari ba siyang tawaging Diyos?

## Ang Panaghoy ni Hesus

**Mateo 27:46 "At nang malapit na ang oras na ika-siyam ay sumigaw si Hesus ng malakas na tinig, na sinabi: Eli, Eli lama sabachthani? Samakatuwid baga'y : Diyos Ko, Diyos Ko, bakit Mo ako pinabayaan?"**

Bakit kailangang ituring ng ibang Kristiyano si Hesus bilang diyos, samantalang si Hesus mismo ay may tinatawag na kanyang Diyos? Ang malakas na sigaw ni Hesus ng DIYOS KO DIYOS KO ay isang patunay na siya ay may kinikilalang Diyos at hindi niya itinuring ang kanyang sarili bilang diyos.

## Ang Araw ng Paghuhukom

**Marcus 13:32 "...Sapagka't sa araw na iyon o oras na yaon kahit mga anghel sa langit kahit anak kundi ang Ama."**

Si Hesus ay nagsabi na walang tao o anghel at maging ang kanyang sarili ang nakakaalam sa Araw ng Paghuhukom. Paano naging Diyos si Hesus kung ang Araw ng Paghuhukom ay hindi niya batid? Ang Tunay na Diyos ay nakababatid ng lahat ng bagay. Ang lahat ng galaw, pangyayari at kilos ay nasa kaalaman ng Makapangyarihang Diyos.

## Ang Kamatayan ni Hesus (Ayon sa Bibliya)

**Roma 5:6 "Sapagka't nang tayo ay mahihina pa ay namatay si Kristo sa kapanahunan dahil sa mga masama."**

Ayon sa Bibliya si Hesus ay namatay. May Diyos bang namamatay? Sino ang nagpanatili sa mundo at ng lahat ng bagay na may buhay? Sino ang tagapangalaga ng lahat ng kabuhayan dito sa mundo habang patay ang Diyos? At sino ang magbibigay ng buhay kung patay na ang Diyos? Ang kamatayan ay hindi maaaring taglayin ng Tunay na Diyos. Katunayan sa Bibliya, si San Pablo ay nagsabi na ang Tunay na Diyos ay:

**I Timoteo 6:16 "Siya lamang ang walang kamatayan, na nananahanan sa liwanag na di malapitan, na di nakita ng sinumang tao."**

Ang mga pangyayaring namuo sa buhay ni Hesus ay mga pangyayaring nagpapatunay na siya ay taong ipinadala ng Makapangyarihang Diyos bilang Kanyang PROPETA at SUGO. Ang mga gawaing pang-araw-araw ni Hesus, ang kanyang damdamin, kilos at galaw ay likas na larawan ng isang nilikhang sumasamba at kumikilala sa di-nakikitang Diyos. Ang kanyang pagsilang, paglaki at pangangaral ay mga banal na layunin na kanyang ginawa bilang pagtupad sa Kautusan ng Diyos.

## Ang Kapangyarihan ni Hesus

Ang kapangyarihan ni Hesus ay nagmula sa Diyos. Ang sinumang nilikha ay ganap na umaasa lamang sa Diyos, kaya si Hesus sa kanyang sarili ay walang kapangyarihan. Lahat ng kanyang ginawa ay hindi sa ganang kanya kundi sa pamamagitan ng Diyos na nagsugo sa kanya.

**Mga Gawa 2:22 "Kayong mga lalaking taga Israel, pakinggan ninyo ang mga salitang ito, si Hesus, na taga Nazareth, lalaking pinatunayan ng Diyos sa mga kababalaghan at mga tanda na ginawa ng Diyos sa pamamagitan niya sa gitna ninyo gaya rin ng nalalaman ninyo."**

**Juan 5:30 "Hindi ako makagagawa ng anuman sa aking sarili."**

**Lucas 11:20 "Sa pamamagitan ng daliri ng Diyos ay nagpalabas ako ng mga demonyo."**

**Mateo 12:28 "Sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos ay nagpapalabas ako ng mga demonyo."**

Maliwanag na kailanman ay hindi maaaring maging Diyos si Hesus, sapagka't ang isang katangian ng isang Tunay na Diyos ay ang Kaganapan ng Kapangyarihan. Nguni't si Hesus ay umamin sa kanyang sarili na wala siyang magagawa.

## Ang Mga Banal na Salita ni Hesus

**Juan 14:6 "… ako ang daan at katotohanan."**

Ang bersikulong ito ay hindi dapat ipakahulugan na si Hesus ay Diyos. Ang lahat ng Propeta sa kani-kanilang panahon ay itinuturing na Daan at Katotohanan, sapagka't sila ang pinagkatiwalaan ng Diyos upang akayin ang lahat ng tao sa landas tungo sa kaligtasan. Ang mga Propeta ang silang may hawak ng Katotohanan. Halimbawa, sa panahon ni Propeta Noah, sinuman ang hindi sumunod sa aral ni Noah ay nalunod. Sa panahon ni Moises, lahat ng taong nagtakwil sa mensahe ni Moses ay nalunod din. Ang Daan at Katotohanan ay taglay ng lahat ng Propeta. Kung ang Daan at Katotohanan ay para lamang kay Hesus paano na lamang ang mga taong nauna sa panahon ni Hesus, sila ba ay walang kaligtasan? Ang Diyos ay Makatarungan at hindi Niya maaaring gawin ang isang bagay na hindi makatuwiran. Ang kaligtasan ng lahat ng tao ay matatamo sa pamamagitan ng pagsunod sa mga Propeta, sapagka't ang pagsunod sa kanila ay pagsunod din sa Diyos. Magkakaroon lamang ng kahulugan ang pananampalataya ng isang tao kung sinusunod niya ang mga aral ng Propeta, sapagka't sila ang tanging daan at katotohanan.

**Juan 10:30 "… ako at ang Ama ay iisa."**

Karamihan sa mga Kristiyano, ang kanilang kaisipan sa bersikulong ito ay si Hesus at ang Diyos ay isa sa pagiging

isang Diyos. Nguni't katulad ng ating paliwanag sa itaas, ang lahat ng gawa ni Hesus, ang kanyang pagsilang, pamumuhay, pangangaral, pagdarasal, pag-aayuno, pagtuli, panalangin, pagbinyag ay mga tanda ng isang taong may pananampalataya sa Diyos. Ang pagiging isa ni Hesus at ng Diyos ay hindi sa pagiging Diyos kundi sa Layunin. Mula sa unang tao layunin na ng Diyos na ang Kanyang mga nilikha ay pag-isahin at akayin sa isang matuwid na landas. At upang magkaroon ng katuparan ang layuning ito, pumili siya ng mga Propeta upang makiisa sa Kanyang layunin na dalhin ang tao sa tamang patnubay. Kaya't ang layuning ito ng Diyos ay siya ring layunin ng lahat ng mga Propeta mula kina Adan, Noah, Abraham, Moises, Hesus at Muhammad (ﷺ).

Samakatuwid, kapag ang isang tao ay nanampalataya at sumamba ayon sa aral ng mga Propeta, ang mga Propetang ito ay titiyakin na ang tao ay mananatili sa pananampalataya, ang Makapangyarihang Diyos ay magbibigay liwanag sa taong may pananampalataya upang ito ay manatili sa tamang landas ng buhay. Kaya't ito ang layunin ng Diyos at ng lahat ng Propeta at ng lahat ng taong may tamang pananampalataya.

Ang layuning ito ay binigyang liwanag ni Propeta Hesus nang siya ay magsabi sa kanyang mga disipulo tungkol sa pakikiisa nila sa Diyos:

**Juan 17:21-22 "Upang silang lahat (disipulo) ay maging ISA na gaya mo, Ama, sa akin at ako ay sa iyo, na sila nama'y sumaatin upang ang sanlibutan ay sumampalataya na ako ay sinugo mo. At ang kaluwalhatiang sa aki'y ibinigay mo ay ibinigay ko sa kanila upang sila ay maging ISA na gaya naman natin na IISA."**

# IV. HESUS: HINDI BUGTONG NA ANAK NG DIYOS

Kadalasan ng naririnig sa mga Kristiyano na si Hesus ay tanging (bugtong na) anak ng Diyos. Nguni't ang Bibliya mismo ang nagpapatunay na sa metaporikal na kahulugan nito, ang "anak ng Diyos" ay hindi lamang nakaugnay o nakatukoy kay Hesus, ang katotohanan, ang salitang "anak ng Diyos" ay ginamit din sa kaninumang taong may ganap na pananampalataya sa Diyos. Ang mga Propeta ay tinawag din bilang "anak ng Diyos", sapagka't sila katulad ni Hesus, ay ganap na sumunod at sumasampalataya sa Diyos. Ayon sa Bibliya, ang Diyos ay maraming "anak".

**Exodus 4:22 "Israel ay aking anak, aking panganay."**

**Jeremias 31:9 "Ako ang pinakaama sa Israel, Ephraim ang aking panganay."**

**Mga Awit 2:7 "Ikaw ay aking anak (David), sa araw na ito ay ipinanganak kita."**

**I Cronica 22:10 "... siya ay magiging aking anak (Solomon) at ako'y magiging kaniyang ama."**

Ang taguri o katawagang “anak ng Diyos” ay ginamit sa wikang Hebrew na ang tunay na kahulugan ay yaong taong mabuti at ganap na sumasampalataya sa Diyos. Halimbawa, sa Bibliya mababasa na:

**Mateo 5:44-45 “Ibigin ang iyong kaaway upang kayo ay maging anak ng inyong Amang nasa langit.”**

**Mateo 5:9 “Mapapalad ang mga mapagpayapa sapagka’t sila’y tatawaging anak ng Diyos.”**

**Oseas 1:10 “…kayo ay mga anak ng Diyos na Buhay.”**

Isang maliwanag na katotohanan mula sa mga bersikulo ng Bibliya na ang “anak ng Diyos” ay pagsasaad ng pagmamahal at pagsunod sa Diyos. Si Hesus ay walang alinlangang isa sa nagmamahal at sumusunod ng ganap sa Kalooban ng Diyos.

# V. HESUS BILANG DAKILANG PROPETA NG ISLAM

## Ang Kahalintulad ni Hesus

Una sa lahat, ang mga Muslim ay nananatili sa paniniwala na ang pagsilang ni Hesus na walang ama ay kahalintulad ng pagkakalikha ng Diyos kay Adan, na walang ama at ina. Ang Qur'an ay nagpaliwanag:

**Qur'an 3:59 {Katotohanan: Ang kahalintulad ni Isa (Hesus) sa (paningin ng) Allah (Diyos) ay si Adam (Adan). Siya ay nilikha Niya mula sa alabok. At saka nagwikang Kun (Maging) at nangyari nga}.**

Tuwirang tinatalikdan ng Islam ang maling paniniwala na si Hesus ay "anak ng Diyos". Kung ang pagsilang ni Hesus na walang ama ang siyang malaking batayan o dahilan upang siya ay tawaging "anak ng Diyos" higit na may karapatan si Adan na tawaging "anak ng Diyos" sapagka't siya ay isinilang na walang ama at ina. Sa katotohanan, ang Kapangyarihan ng Diyos ay hindi mapag-aalinlangan. Sa anumang pamamaraan, lumilikha ang Diyos ng anumang

Kanyang naisin. Nilikha niya si Adan ng walang ama at ina. Si Eba ay nilikha mula sa tadyang ng lalaki at walang ina. Si Hesus ay nilikha na walang ama nguni't may ina. Ang karaniwang tao ay nilikha ng Diyos na may ama at ina. Kaya sa Walang Hanggang Karunungan at Kapangyarihan ng Diyos lahat ng bagay na Kanyang itakda ay natutupad at nangyayari. Ang Diyos ay magsabi lamang ng "Kun" (Maging) at mangyayari nga. Ang pagkakalikha ng Diyos sa iba't-ibang pamamaraan ay tanda lamang na Siya ang nag-iisang dapat pag-ukulan ng pagsamba at pagmamahal, pagkatakot at sandigan ng pag-asa ng lahat ng mga nilikha.

## Ang Pagsilang Kay Hesus

Si Hesus ay Propeta ng Diyos na ipinadala para sa mga taga Israel upang mangaral sa tunay na diwa ng pagsamba. Siya ay binigyan ng magandang karangalan sa daigdig at sa kabilang buhay. Ang Marangal na Qur'an ay nagpaliwanag na pinili si Maria higit sa lahat ng babae dito sa lupa. Ang Anghel Gabriel ay dumating sa kanya [kay Maria] na may magandang balita na siya ay nakatakdang magsilang kay Hesus. Ang magandang salaysay na ito ay matatagpuan sa Marangal na Qur'an:

**Qur'an 3:45-48 {[At tandaan] nang sabihin ng mga anghel: O Maryam (Maria), katotohanan, ang Allah (Diyos) ay nagbibigay sa iyo ng magandang balita ng isang salita mula sa Kanya na ang kanyang pangalan ay Mesiyas**

**Isa (Hesus), ang anak ni Maryam (Maria). At [siya ay] pinarangalan sa mundong ito at sa kabilang buhay. At [siya ay] mabibilang sa mga malalapit (sa Diyos).**

**At siya ay magsasalita sa mga tao sa [kanyang] duyan[1] [kamusmusan] at kagulangan. At siya ay mabibilang sa mga matuwid.**

**Siya [si Maryam] ay nagsabi: Aking Panginoon, paano po ako magkakaroon ng anak [na lalaki] gayong wala namang lalaking sumaling sa akin? [Ang anghel ay] nagsabi: [Kahit na] ganyan ang Allah (Diyos), lumilikha ng anumang Kanyang nais. Kapag Kanyang itinakda ang isang pangyayari [o bagay], Kanyang sasabihin lamang dito: "Kun" (Maging), at mangyayari nga}.**

**At Kanyang tuturuan siya [Isa (Hesus)] ng pagsusulat at ng karunungang [ukol sa katuruan ng mga propeta], at ng Tawrah (Torah) at Injeel (Ebanghelyo)."**

## Si Hesus at Ang Kanyang Ina

Tanging ang Qur'an ang siyang nagbibigay ng magandang kalagayan tungkol kina Hesus at Birhen Maria.

Para sa mga Hudyo si Hesus ay tinaguriang Huwad na Propeta at si Birhen Maria bilang isang masamang babae.

1 Ang duyan na tinukoy dito ay katulad ng isang kuna at hindi ito katulad ng karaniwang duyan na ating nakikita na may lubid sa magkabilang dulo para sa pag-ugoy o pag-iwi ng bata.

Sa paningin ng mga Hudyo, si Hesus at Maria ay kabilang sa mga mamamayang walang dangal at may mababang uri ng pagkatao.

Sa Kristiyanismo naman, itinuring si Hesus bilang anak ng Diyos at Diyos na nagkatawang tao. Si Birhen Maria bilang Ina ng Diyos.

Nguni't ang Islam ay siyang daan upang bigyang liwanag ang tunay na katayuan ni Hesus at ng kanyang Ina, hindi bilang mga mababang uri ng tao at hindi rin naman mga taong naging diyos kundi sina Hesus at Birhen Maria ay mga mararangal, at mabubuting tao na nasa hanay ng mga matutuwid at nagmula sa angkan ng mga Propeta. Ang Banal na Qur'an ay nagpahayag:

**Qur'an 5:75 {...Ang Mesiyas [Isa (Hesus)], anak ni Maryam (Maria) ay walang iba kundi isang Sugo (Propeta) lamang. Maraming Sugo (Propeta) ang dumating bago pa man siya. Ang kanyang ina ay isang babaing makatotohanan}.**

**Qur'an 3:42 {At (tandaan) nang ang mga anghel ay nagsabi:'O, Maryam (Maria)! Ikaw ay pinili ng Allah (Diyos), at ginawang dalisay (at malinis), at ikaw ay piniling higit sa mga babae sa lahat ng nilalang}.**

## Ang Himala ni Hesus sa Marangal na Qur'an

Ang salaysay ng Banal na Qur'an tungkol sa mga himala

ni Hesus ay akmang-akma sa kanyang kabanalan at karangalan. Taliwas sa Bibliya na ang isang himala niya ay ang paggawa ng nakalalasing na alak.

Sa Banal na Qur'an, sanggol pa lamang si Hesus ay nagbigay na siya ng himala. May isang pagkakataon na ang mga tao ay nagtatanong kay Maria kung bakit nagawa niyang magkaanak na ang pag-aakala siya ay masamang babae. At upang patunayan ni Maria na siya ay malinis na babae, hindi siya nagpaliwanag para sa kanyang sarili kundi itinuro niya si Hesus na isang sanggol. Sa pamamagitan ng himala si Hesus ay nagsalita.

**Qur'an 19:29-30 {At kanyang [Maryam(Maria)] itinuro ito (ang sanggol). Sila (mga tao) ay nagwika: "Paano namin makakausap ang isang batang nasa duyan?" Siya [Isa (Hesus)] ay nagsabi: "Tunay na ako ay Lingkod ng Allah (Diyos): Ako ay binigyan ng Kasulatan at ginawa Niya akong PROPETA...}.**

Si Hesus ay nagpamalas din ng himala sa iba't-ibang pagkakataon. Ang Banal na Qur'an ay nagsalaysay:

**Qur'an 3:49 {Tunay na ako ay naparito sa inyo na may dalang Palatandaan mula sa inyong Panginoon, na ako ay gagawa para sa inyo mula sa (dakot na) alikabok katulad ng hugis ng ibon, at hihipan ko ito at magiging ibon sa kapahintulutan ng Allah (Diyos), aking pagagalingin ang ipinanganak na bulag at ketongin,**

**at aking bubuhayin ang patay sa pamamagitan ng kapahintulutan ng Allah (Diyos)}.**

## Ang Layunin ni Hesus

Katulad ng nakasaad sa Bibliya, maging ang Banal na Qur'an ay nagbibigay liwanag tungkol sa layunin ni Hesus. Siya ay isinugo na may hangaring gisinging muli ang mga taga Israel na sa panahong yaon ay nagkawatak-watak. Binigyang-diin niya ang pangunahing aral ng Diyos, ang Pagsamba at Pananampalataya sa Diyos. Ang Marangal na Qur'an ay nagpahayag tungkol sa aral ni Hesus. Siya (ang Diyos) ay nagsabi:

**Qur'an 3:51 {Katotohanan, ang Allah (Diyos) ang aking Panginoon at inyong Panginoon, kaya't sambahin ninyo Siya lamang}.**

**Qur'an 5:72 {O angkan ng Israel! Sambahin ninyo ang Allah (Diyos), na aking Panginoon at inyong Panginoon. Katotohanan, ang sinumang magtambal sa Allah ay tunay na ipagbabawal ng Allah sa kanya ang Paraiso at ang Apoy ang kanyang magiging tirahan}.**

Ang isa pang layunin ni Hesus ay upang bigyang-daan ang pagdating ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan). Ang Qur'an ay nagpahayag:

**Qur'an 61:6 {O angkan ng Israel! Katotohanang ako ay Sugo ng Allah (Diyos) sa inyo na nagpapatotoo sa**

**Tawrah (Torah) [ni Musa (Moises)] na nauna sa akin at nagbibigay ng magandang balita tungkol sa isang Sugo na susunod sa akin na ang pangalan ay (tatawaging) Ahmad (ang ipinagkakapuri)}.**

# VI. HESUS, SAKSI SA ARAW NG PAGHUHUKOM

At dahil sa paniniwala at pagsamba kay Hesus bilang Diyos ng mga Kristiyano, sa Araw ng Paghuhukom, si Hesus ay haharap sa Diyos. Si Hesus mismo ang magtutuwid sa maling paniniwalang ito. Sa isang tagpo sa Araw ng Paghuhukom ang Panginoong Diyos ay magtatanong kay Hesus. Siya ay magsasabi batay sa kapahayagan ng Banal na Qur'an:

**Qur'an 5:116-117 {At [tandaan], nang ang Allah (Diyos) ay magsabi: "O Isa (Hesus), anak ni Maryam (Maria), ikaw ba ay nagsabi sa tao: Ituring ninyo ako at ang aking ina bilang dalawang diyos bukod sa Allah? Siya [Isa (Hesus)] ay nagsabi: "Luwalhati po sa Iyo. Wala sa akin ang karapatang magsabi ng anumang wala akong karapatan [na sabihin]. Kung ito man ay aking nasabi, katiyakang ito ay Iyong batid. Nababatid Mo po ang anumang nasa aking kalooban, samantalang hindi ko nababatid ang anumang nasa Iyong Kalooban. Katotohanan, Ikaw ang Maalam sa mga Ghayb (di-nakikitang bagay o pangyayari). Wala po akong sinabi sa kanila maliban kung ano lamang ang Iyong ipinag-utos sa akin [na sabihin]: Inyong sambahin ang Allah,**

**ang aking Panginoon at inyong Panginoon. At ako ay naging saksi sa kanila habang ako ay nanatili sa kanila, nguni't nang ako ay Iyong bawiin, [tanging] Ikaw lamang ang Tagapagmasid sa kanila at [tanging] Ikaw lamang ang Saksi sa lahat ng bagay}.**

Maging sa Bibliya, mayroon ding babalang sinabi si Hesus para sa mga taong sumusunod sa mga hindi makatuwirang doktrina na ginawa lamang ng tao at sa mga taong ginawang Panginoon si Hesus. Sa Araw ng Paghuhukom ang mga taong sumamba kay Hesus ay magsisilapit sa kanya. Si Hesus ay magsasabi:

**Mateo 15:9 "Datapuwa't walang kabuluhan ang pagsamba sa akin na nagtuturo ng kanilang pinakaaral ang mga utos ng mga tao."**

**Mateo 7:22 "Panginoon, Panginoon, hindi baga nagsipanghula kami sa iyong pangalan, at sa pangalan mo'y nangapalayas kami ng mga demonyo at sa pangalan mo'y nagsigawa kami ng maraming gawang makapangyarihan?"**

Si Hesus ay nagtakwil sa ganitong uri ng tao. At siya ay nagwika:

**Mateo 7:23 "Kailanman hindi ko kayo nangakilala. Magsilayo kayo sa akin, kayong manggagawa ng katampalasanan."**

# VII. ANG EBANGHELYO NI HESUS

Isa sa mga haligi ng paniniwala sa Islam ay ang paniniwala sa mga Aklat ng Diyos. Kinikilala ng mga Muslim ang mga sumusunod na aklat bilang Patnubay para sa tao. Ito ay ang mga sumusunod:

- Ang **Kalatas** ni Abraham (Ibrahim) na tinatawag na **Suhuf** (sa wikang Arabik),
- Ang **Psalmo** ni David (Daud) na tinatawag na **Zabur** (sa wikang Arabik),
- Ang **Torah** ni Moises (Musa) na tinatawag na **Tawrah** (sa wikang Arabik),
- Ang **Ebanghelyo** ni Hesus (Isa) na tinatawag na **Injeel** (sa wikang Arabik),
- At ang **Qur’an** ni Muhammad (ﷺ) (na ipinahayag sa kanya sa wikang Arabik).

Ang mga aklat na ito ay ipinagkaloob ng Diyos sa tao upang gawing panuntunan at patnubay para sa kanilang pamumuhay. Sa paglipas ng maraming panahon ang

mga aklat ng Diyos maliban sa Qur'an ay nangawala na, at wala na sa orihinal at dalisay na kapahayagan o hindi na buo ang nilalaman. Ang Ebanghelyo (Gospel) ni Hesus ay isa sa naging biktima ng pagkasira. Sa panahong ito, kung ating bubuksan ang Bibliya, matutunghayan natin na ang Ebanghelyo o Gospel ay hindi ayon kay Hesus kundi ayon sa apat na manunulat, Ebanghelyo ayon kay Juan, Lucas, Markus at Mateo. At kung susuriin mong mabuti ang nilalaman ng mga ito, matutunghayan natin na ito ay pawang mga salaysay noong panahon ni Hesus - nagsasalaysay lamang kung ano ang ginawa ni Hesus sa pang-araw-araw na buhay. Nasaan ang Ebanghelyo ni Hesus na siyang dapat gamitin ng tao bilang Aklat ng Patnubay? Sa pananaw ng Islam, ang Ebanghelyo ni Hesus ang siyang tanging aklat na dapat paniwalaan bilang Aklat ng Patnubay, sapagka't ito ay tiyak na naglalaman kung paano at ilang beses dapat magdasal ang tao, nagtuturo kung ano ang bawal at pinahihintulutang pagkain, nagpapaliwanag kung ano ang wastong paraan ng kawanggawa o nagtuturo kung paano ang pag-aayuno. At dahil nga wala na sa panahong ito ang Aklat ni Hesus, sa awa at pagpapala ng Diyos, muli Siya ay nagpahayag ng Kanyang Huling Aklat, ang Marangal na Qur'an upang ibalik ang tao sa isang malinis at wagas na pagsamba at pananampalataya sa isang Diyos. Ang Qur'an ay nagbigay liwanag tungkol sa mga naunang mga Aklat. Pinatutunayan ng Marangal na Qur'an ang mga aklat na ipinagkaloob sa mga Propeta ng Diyos.

## Ang Daan Tungo sa Kaligtasan

Ang mensahe ni Hesus ay simple at matuwid katulad ng lahat ng mga nauna sa kanya at ng huling Propetang si Muhammad (ﷺ). Ang kanilang mga aral ay walang pagkakaiba-iba. Ang diwa at kabuuan nito ay ang:

**Ang wagas at dalisay na pagsamba at wastong paniniwala sa tanging-isang diyos (Allah) kalakip ng ganap na pagsuko at pagsunod sa kanyang mga batas.**

**(Ang Maikling Kahulugan Nito ay ISLAM)**

Ang tunay na pagmamahal ng tao sa Diyos ay magkakaroon lamang ng ganap na katuparan sa pamamagitan ng tapat na pagsunod sa kanyang mga Batas. Ang lahat ng Propeta ng Diyos mula kay Adan (Adam), Noah (Nuh), Abraham (Ibrahim), David (Daud), Moises (Musa), Hesus (Isa) at Muhammad (ﷺ) ay walang pagkakaiba-iba sa pangunahing prinsipyo. Sila ay nagkakaisa sa isang layuning akayin ang tao sa isang tamang landas tungo sa kaligtasan.

## Ang Lumang Tipan

Sa lumang Tipan ng Bibliya, si Moises ay nagsabi:

**Deuteronomio 6:5 "Pakinggan mo O Israel, Ang Panginoong Diyos ay Isang Panginoon. At iyong mahalin ang inyong Panginoon ng buong puso, ng buong kaluluwa at buong lakas."**

## Ang Bagong Tipan

Si Hesus ay nagbigay-aral din at nagwikang :

**Markus 12:29 "Pakinggan mo O Israel! Ang Panginoon nating Diyos ay Isang Panginoon. At iyong mahalin ang iyong Panginoong Diyos ng buong puso, buong kaluluwa, ng buong isip at ng buong lakas."**

## Ang Marangal na Qur'an

Ang Diyos ay nagpahayag kay Propeta Muhammad (ﷺ) ng pangunahing utos na ito:

**Qur'an 39:11-12 {Sabihin mo [O, Muhammad (ﷺ)]: Katotohanan, ako'y napag-utusang sumamba (lamang) sa Allah (Diyos) ng tapat na pananampalataya sa Kanya. At ako ay napag-utusang maging una sa mga sumusuko ng (buong) sarili (sa Kanya)}.**

**Qur'an 112:1-4 {Sabihin mo [O, Muhammad (ﷺ)]: Siya ang Allah (Diyos), ang Tanging isa. Allah, ang sandigan ng lahat. Hindi Siya nagkaanak at hindi rin Siya ipinanganak, at sa Kanya ay walang isa man na (makakatulad at) makakapantay}.**

## Ang Konsepto Tungkol Sa Tunay Na Diyos Ayon Sa Mga Propeta Ng Diyos

Ang **Qur'an** bilang Huling Aklat ng Diyos na ipinagkaloob kay Propeta Muhammad (sumakanya Nawa ang Pagpapala

at Kapayapaan) ay naghahandog ng isang malinis at wagas na pagkilala sa Tunay na Diyos. Ilan sa mga Katangian ng isang Tunay na Diyos ay:

**Qur'an 6:103 {Walang paningin ang makapanghahawak sa Kanya, nguni't Kanyang napanghahawakan ang lahat ng paningin}.**

**Qur'an 112:04 {At sa Kanya ay walang isa man na (makakatulad at) makakapantay}.**

Maging sa maraming pahina ng Bibliya, matatagpuan ang mga katangian ng isang Tunay ng Diyos:

**Isaias 47:10 "At walang Nakakakita sa Akin."**

**Isaias 46:9 "Ako ay Diyos at walang gaya ko."**

Si Hesus ay nagsabi rin ng ganito:

**Juan 5:37 "Kailanman hindi ninyo narinig ang Kanyang tinig, ni hindi man ninyo nakita ang kanyang anyo."**

# ANG HULING PANANALITA

Batay sa nabanggit na katotohanang inilahad sa maikling lathalaing ito, ang mga kababayan na Kristiyano ay nangangailangan ng matapat na pag-aaral, masusi at makatuwirang pagsikhay ng kaalaman tungkol sa katauhan ni Hesus kaalinsabay ng tunay na diwa at ng kanyang mga aral para sa sangkatauhan.

Ang Marangal na **Qur'an** ay naghahandog para sa lahat ng taong naghahanap ng katuwiran, katotohanan at kapayapaan kakambal ng pagnanasang matamo ang kahalagahan ng tunay na pagsuko sa Diyos at ang pagkilala sa ating Diyos na Lumikha sa lahat, ang Allah. Tanging ang Qur'an lamang ang siyang nagbibigay ng malinaw na konsepto sa nag-iisang Diyos (Absolute Oneness of God). Ipinahayag din sa Marangal na Qur'an si Isa (Hesus) bilang Sugo, Propeta at Lingkod (Alipin) ng Diyos.

Ang ating Dakilang Maykapal ay nagsabi na lahat ng ating mga kasalanan ay maaari Niyang patawarin maliban sa isa at ito nga ang pagsamba sa isang bagay na nilikha Niya. Ang idolatriya ay isang kasalanang walang kapatawaran. Maging kasinglawak man ng lupa o kasingtaas ng ulap

o kasinglalim ng karagatan ang ating kasalanan, nguni't ito ay mapapatawad ng Diyos kung tayo ay kumikilala at sumasampalataya sa Kanya lamang. Kaya't ating bigyang daan sa ating isip ang bagay na ito, sapagka't dito nakasalalay ang ating huling hantungan. Walang magandang bagay na hihigit pa kaysa sa TAMANG KATUWIRAN sapagka't dito nagsisimulang umusbong ang liwanag tungo sa landas ng kabutihan. At ang tunay na kahalagahan at kaligayahan ng buhay dito sa lupa at maging sa kabilang buhay ay batay sa malinis na pagsamba sa ating Nag-iisang Diyos. Iisang magulang ang ating pinagmulan, isang daigdig ang ating kinalalagyan, isang kulay ang dugong nananalaytay sa ating katawan, mula sa isang dakot na alabok ang ating pagkakalikha. Hindi ba palatandaan na lahat tayo ay nararapat magkaroon ng iisang pagsamba, isang malinis na konsepto at pagkilala sa Isang Diyos na pinagkakautangan nating lahat?

Hindi ba dapat lamang na ang tapat na pagsamba, ang lahat ng uri ng papuri at pagdakila at pasasalamat ay ilaan lamang sa Nag-iisang Tagapaglikha?

Ang buhay sa mundo ay isang pook ng pagsubok at paggawa ng kabutihan at pagsamba lamang sa Nag-iisang Tagapaglikha. Ang kamatayan ay tiyak na darating. Anong landas ang dapat mong tahakin? Magpasiya ka, sapagka't hindi pa huli ang lahat. Ang Islam ay naghahandog para

sa lahat ng liwanag at katotohanan ng buhay, ng tapat at dalisay na pagsamba sa ating Panginoong Tagapaglikha.

Nawa'y pagpalain tayo ng Panginoong Diyos-Allah, sa ating mga mabubuting gawa lalo na sa paglalahad ng katotohanan tungo sa kapayapaan ng buhay dito at sa kabilang buhay.

IslamHouse.com

IslamHouseTl | islamhouse.com/tl/ | islamhouse.com/tl/

user/IslamHouseTl

For more details visit
www.GuideToIslam.com

GUIDE TO ISLAM

contact us :Books@guidetoislam.com

Guidetolslam.org | Guidetoislam1 | Guidetoislam | www.Guidetoislam.com

المكتب التعاوني للدعوة وتوعية الجاليات بالربوة


هاتف: ٩٦٦١١٤٤٥٤٩٠٠+ فاكس: ٩٦٦١١٤٩٧٠١٢٦+ ص ب: ٢٩٤٦٥ الرياض: ١١٤٥٧

ISLAMIC PROPAGATION OFFICE IN RABWAH

P.O.BOX 29465 RIYADH 11457 TEL: +966 11 4454900 FAX: +966 11 4970126

# HESUS, ANAK NI MARIA
# PROPETA HINDI DIYOS

Ang lathalaing ito ay nagpapaliwanag tungkol sa katotohanan at katayuan ni Hesus, na siya ay isang PROPETA at hindi Diyos gaya ng inaakala ng mga Kristiyano. Ang katotohanang ito ay kapwa binigyang diin at patotoo ng napakaraming talata at bersikulo mula sa Banal na Qur’an at Bibliya.




IslamHouse.com
Osoul Center
www.osoulcenter.com